

GLOBAL CLIMATE LEADERSHIP
MEMORANDUM NG PAGKAKAUNAWAAN

I. Pahayag ng Layunin

- A. Ang pagbabago ng klima ay nagpapakita sa bourg mundo ng malaking hamon at banta sa kapaligiran at ekonomiya, sa kalusugan ng mag tao, pagdami ng mapanirang kalamidad, banta sa mga natural na yaman at magdudulot ng sapilitang pagdayo ng mga mamamayan. Ang epekto ng pagbabago ng klima ay hindi na maiiwasan dahil sa “Greenhouse Gas Emissions” (GHG) na nananatili na sa himpapawid. Sa parehong pagkakataon, ang pagtugon sa pagbabago ng klima ay lumikha ng mga oportunidad sa ekonomiya at mga benepisyo para sa sapat na enehiya at pangkaunlaran. Ang pandaigdig na pagsisikap ay kinakailangan upang makasiguro sa pangangalaga ng sangkatauhan at ng ating daigdig at ang paglimita ng pagtaas ng karaniwang pandaigdig na temperatura na ibaba ng 2 Centigrade. Upang makamit ito, kinakailangan ng malaking pagbabawas ng usok o’ emisyon sa mga darating na dekada at makamit ang “near zero emissions of CO2” at iba pang GHGs sa katapusan ng dekada.

[(Intergovernmental Panel on Climate Change – Fifth assessment report (AR5))]

- B. Ang lahat ng antas ng gobyerno ay kinakailangang kumilos na **ngayon** upang mabawasan ang paglabas ng GHG upang makamit ang pangmatagalang pagbalanse ng klima. Ang lahat ay kinakailangang magkaroon ng mga bagong teknolohiya, mga polisiya, pagpondo ng mga mekanismo at insensitibong pang ekonomiya para mabawasan ang mga emisyon habang magiging sukatan ito sa pag unlad.
- C. Habang ang lahat ng mga pumirma sa pangkaunawaan na ito (nakasaad dito bilang “Ang Partido”) ay kinikilala at sumusuporta sa pandaigdigang pagkilos at mga deklaryon para makatugon sa pagbabago ng klima (kabilang ang Rio Declaration on Environment and Development (1992), the Montreal Declaration (2009), the Cancun Statement (2011), and the Lyon Declaration (2011)), Ang pandaigdigang pagsisikap ukol sa pagbabago ng klima sa ngayon ay di pa din sapat upang matugunan ang mga hamon sa hinaharap. Bagamat limitado ang pagsulong ng pakikipagtulungan ng mga bansa, ang mga probinsya, estado at mga siyudad ang syang nangunguna sa mga adhikain ukol sa klima at syang gumagawa ng mg aksyon para mabawasan ang GHG emisyons at pangalagaan ito laban sa epekto ng klima.
- D. Sa pamamagitan ng sama samang pagkilos at pag balangkas ng mga kasunduan gaya ng Declaration of Rio de Janeiro 2012 (Federated States and Regional Governments Committed to a New Paradigm for Sustainable Development and Poverty Eradication), ang mga local na gobyerno kasama ang mga interesadong bansa ay makakatulong upang umusad ang pandaigdigang pagtugon sa pagbabago ng klima at magkaroon ng modelo para sa malawak na pandaigdigang kooperasyon ng mga bansa.

II. Pagbabawas Greenhouse Gas Emisyons

- A. Ang panuntunan para sa pagbabawas ng GHG emisyons pagdating ng 2050 ay kailangang malimita ang pandaigdigang paginit ng temperatura na di bababa ng 2

Centigrade. Para sa mga Partido sa unawaan na ito, nangangahulugan ng pagpapatuloy ng pagbabawas ng emisyon na mula sa 80 hanggang 95 porsyento na mababa sa antas noong 1990 at kinakailangan na makamit ang taunang per capita emisyon na di bababa ng 2 metric tons sa 2050.

- B. Upang makamit ang tinakdang mithiin sa 2050, ang dagliang pagsulong ay kinakailangan na agad para makamtam ang inaasam na kailangang pagbabawas. Sa kalagitnaan ng mga nito, ang mga kompromiso o mga pangako para sa 2030 ay kinakailangan. Ang pagkilala ng bawat kaaspi sa hinaharap na hamon at pagkakataon, ang unawaan na ito ay walang anumang partikular na patibay para sa 2030. Bagkus, ang bawat partido ay umaayon na magsagawa ng kanilang sariling pagkilos at mga plano nasa Appendix A upang makamtam sa taong 2030 ang inaasam na mithiin.
- C. Matugunan ng mga Partido ang malawak na pagtaas ng pangangailangan sa enerhiya at komprehensibong pagsulong ng mga Renewable Energy para makamit ang tinakdang GHG emissions. Ang mga Partido ay magtatakda ng kanilang mga layunin at mithiin para sa taong 2030 para sa mga mapanganib na mga lugar. (Appendix A).
- D. Mga Partikular sa pagkilos, koordinasyon at kooperasyon:

Ang mga Partido ay sumang ayon na ang lahat ng may kaugnayan sa unawaan na ito ang pagkilos, koordinasyon at kooperasyon ay magiging kapaki pakinabang at magbibigay lakas sa lahat ng kaasping estado. Ang mga Partido ay sumang ayon na magtutulong tulong sa pagresolba na magbibigay ng malapitan at pangmatagalang benepisyong ekonomiya at sa kapaligiran kasama na ang posibleng pagtutulungan ng bawat isa. Ang mga Partido ay maaaring palawakin pa ang kanilang pagkilos bukod pa sa mga nabanggit dito. Ang mga sumusunod ay ang mga di malawak na mga isyu ng interes para sa kooperasyon at koordinasyon sa mga Partido:

1. Enerhiya:

Ang mga Partido ay sumang ayon sa ibahagi ang mga impormasyon at karanasan sa mga pagbabago ng disenyo ng mga power supply at mga grid, pagresolbang teknikal at sa pagsulong para sa malawakang paglipat sa renewable energy at sa pagsasama sama ng mga pinagkukunan para sa renewable energy, kailangan ng pagkilos para makasiguro sa sapat na supply at sa estratihya na magtataguyod sa sapat na enerhiya.

2. Trapik at Transportasyon:

Ang mga Partido ay sumang ayon na gumawa ng mga paraan para mabawasan ang Greenhouse Gas Emissions mula sa mga pampasahero at kargamentong sasakyan para makamit ang malawak na pagpapatupad ng “zero emission vehicles” at sa pag-sulong ng mga zero emisyon infrastructure. Ang mga Partido ay sumang ayon na himukin ang pagpapalano at pagpapaunlad sa paggamit ng mga lupain na sumusuporta para sa alternatibong transportasyon lalo na sa pampublikong sasakyan, paggamit ng mga bisikleta at sa paglalakad.\

3. Pangangalaga sa Natural na Yaman at Pagbabawas ng mga Basura:

Ang mga Partido ay sumang ayon sa pakikipag-tulungan para sa mga paraan upang mabawasan ang mga emisyon mula sa natural na yaman at sa mga basura na narito na mula pa noong una pa man. Ang mga Partido ay ibabahagi

ang mga impormasyon na nauukol sa pamamahala at pamamaraan ng pagsamsam ng mga carbon at pangalagaan ang natural na imprastraktura. Ang mga Partido ay ibabahagi ang mga teknolohiya na magbabawas sa mga basura at magawa ang mga ito na maaaring magamit na materyales o sa paglikha ng enerhiya.

4. Agham at Teknolohiya:

Ang mga Partido ay magtutulongan at makikipag koordina para sa siyentipikong kaalaman at ibahagi ang mga impormasyon at karanasan sa pagunlad ng teknolohiya. Ang mga Partido ay magbibigay tulong sa bawat isa ukol sa kani kanilang karanasan upang makamit ang tagumpay ng pagbabago sa teknolohiya at maiwasan ang anumang mga hadlang.

5. Komunikasyon at Pamublikong Paglalahok:

Ang mga Partido ay magtutulongan at makikipag koordina sa mga mensahe, kalinawan at pamublikong hatid tulong ukol sa paagbabago ng klima, pagpapagaan ng GHG emisyon, pag akma sa panahon at lahat ng may kinalaman sa unawaan na ito.

6. Panandaliang Pollutants sa Klima:

Ang mga Partido ay sumang ayon na makikipag tulong sa pagbawas ng mga panandaliang pollutants gaya ng black carbon at methane, para makapagbigay ng madaliang mabubuting benepisyo habang nagbabawas ng mga pollutants dahil sa pagbago ng klima.

7. Imbertaryo, Pagsubaybay, Pagkwenta, Paglilinaw:

Ang mga Partido ay sumang ayon na magsasagawa ng tuloy tuloy na pagsubaybay, paguulat at pagpapatunay sa kabila ng mga nasasakupan at makikipag tulong sa pamamagitan ng mga mekanismo gaya ng Compact of States and Region and the Compact of Mayors.

III. Pag akma at Pag di Pagtinag

- A. Ang mga partido ay sumang ayon sa pagkilos para mapalaganap ang pag akma sa panahon at di pagtinag patungo sa malawak na benepisyo ng GHG emisyon at pag akma sa klima.
- B. Ang mga Partido ay ibabahagi ang mga pinaka mahusay na karanasan upang maging halimbawa sa magiging epekto ng klima, lalo na sa mga rehiyon at lokal na lugar. Ang mga kasapi ay ibabahagi ang kanilang mga kasanayan at pagsasama samahin ang lahat ng mga natuklasan para sa pagpapalano at pamumuhunan.
- C. Ang mga Partido ay magtutulong tulong upang makagawa ng mga sukatan at pagtuturo na makakatulong sa pagsubaybay ng mga progreso sa pagbabawas ng mga panganib ng pagbabago ng klima sa mga tao, natural na sistema at imprastraktura.
- D. Sa pagtutulong upang mabawasan ang panganib ng klima, ang mga Partido ay hahanap ng natural o “green” infrastructure na solusyon para mapalawak ang mga benepisyo sa kapaligiran habang ito ay isinasagawa ang mga Partido ay ibabahagi ang kanilang mga kasanayan sa pagdisenyo sa pagtugon sa mga solusyon.

- E. Ang mga Partido sa kasunduang ito ay magtutulong tulong na ibahagi ang mga makabagong modelo para sa pananalapi at pagsuporta sa pag akma sa klima, kasama na ang samahan nang publico-privdo at kabanatan pundo.

IV. Paraan ng Pagsasakatuparan

Ang bawat Partido ay may sari sariling pamamaraan para maisakatuparan at maabot ang mga layunin at mithiin. Habang ang ilang pamamaraan ay di pangkaraniwan sa ibang Partido, ang iba ay maaaring ibahagi at iakma para sa iba.

- A. Ang mga Partido ay sumang ayon na makipag tulungan para sa pagsulong ng pansamantalang mithiin at patuloy na layunin hanggang 2050 at pagkilos para sa klima sa taunang Conference of Parties at iba pang pandaigdigang pagpupulong ukol sa klima.
- B. Ang mga Partido ay sumang ayon na ibahagi at ipalaganap ang epektibong mekanismo sa pananalapi sa bansa at sa buong mundo sa abot ng kanilang kakayanan.
- C. Ang mga Partido ay sumang ayon na ibahagi ang teknolohiya sa abot ng kanilang kakayanan gaya ng pagbubukas ng mga pinagmulan ng mga impormasyon.
- D. Ang mga Partido ay sumang ayon na magtulungan na magsagawa ng pagkilos at mga teknolohiya ukol sa pag akma ng panahon sa pamamagitan ng mga karanasang teknolohiya at ibahagi sa abot ng kanilang kakayanan.

Ang Pangkaunawaan na ito ay hindi isang Kontrata o Kasunduan.

V. Habol

- A. Ang mga Partido sa kasunduang ito ay sumangayon sa mga sumusunod na mga karagdagan:

Ang mga Partido sa kasunduang ito ay layon na palakasin ang pandaigdigang pagtugon sa banta ng pagbabago ng klima sa pamamagitan ng pagpigil sa pagtaas ng karaniwang temperatura ng mundo na maibaba pa sa 2 Centigrade na mataas sa pre-Industrial levels at pagsumikapan na makamit sa pamamagitan ng paglimita sa pagtaas ng temperatura sa 1.5 Centigrade na mataas sa pre-Industrial levels, pagkilala na ito ay higit na makakabawas sa mga panganib at sa mga epekto ng pagbabago ng klima.